# Ang Beatitudes

MATERYAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

| Reperensya | Katangian |
|---|---|
| **Mateo 5:3; 3 Nephi 12:3** | **Dukha sa espiritu.** Pagiging mapagpakumbaba, o “pagkilala nang may pasasalamat na umaasa tayo sa Panginoon—na nauunawaang palagi nating kailangan ang Kanyang tulong. Ang pagpapakumbaba ay pagkilala na ang ating mga talento at kakayahan ay mga kaloob ng Diyos” (Mga Paksa ng Ebanghelyo, “Pagpapakumbaba,” https://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/gospel-topics/humility?lang=tgl). |
| **Mateo 5:4** | **Nahahapis.** Nakadarama at nagpapakita ng kalungkutan tungkol sa isang bagay. Maaaring mahapis ang isang tao dahil sa mga pagsubok ng mortalidad na nararanasan niya at ng iba pa. Maaari ding mahapis ang isang tao dahil sa kasalanan. |
| **Mateo 5:5** | **Mapagpakumbaba [Maamo].** Pagiging “‘may takot sa Diyos, matwid, mapagpakumbaba, natuturuan, at matiisin sa pagdurusa’ [Gabay sa mga Banal na Kasulatan, ‘Maamo, Kaamuan,’ scriptures.ChurchofJesusChrist.org]. Ang mga nagtataglay nito ay handang sumunod kay Jesucristo, at ang kanilang ugali ay mahinahon, maamo, mapagpaubaya, at masunurin” (Ulisses Soares, “Maging Maamo at May Mapagpakumbabang Puso,” *Liahona*, Nob. 2013, 9). |
| **Mateo 5:6; 3 Nephi 12:6** | **Nagugutom at nauuhaw sa katuwiran.** Pagkakaroon ng matinding hangarin na malaman at magawa ang kalooban ng Diyos. |
| **Mateo 5:7** | **Mahabagin.** Pagiging “mahabagin, magalang, mapagpatawad, mahinahon, at matiisin, kahit alam natin ang mga pagkukulang ng iba” (Mga Paksa ng Ebanghelyo, “Awa,” https://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/gospel-topics/mercy?lang=tgl). |
| **Mateo 5:8** | **May malinis na puso.** Maibibilang sa mga taong “nagmamahal sa Panginoon, naghahangad na tularan Siya at sundin ang Kanyang mga kautusan, nagsisikap na mamuhay nang marangal at matapat at nagtitiis hanggang wakas. Ang mga taong may malinis na puso ay kinokontrol ang kanilang pag-iisip upang hindi sila makaisip at makagawa ng mga bagay na imoral” (Sheldon F. Child, “Words of Jesus: Chastity,” *Ensign* o *Liahona*, Ene. 2003, 44). |
| **Mateo 5:9** | **Mapagpayapa.** “Tumutulong sa tao na makita ang pagkakatulad nila kapag nakikita nila ang pagkakaiba-iba nila” (Henry B. Eyring, “Pagkatuto sa Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2011, 63). |
| **Mateo 5:10–12** | **Inuusig dahil sa katuwiran.** Handang sundin at ipagtanggol si Jesucristo at ang Kanyang mga turo, kahit hamakin o tratuhin tayo nang masama dahil sa paggawa nito. |

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *The Beatitudes*.
Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.